

COVID-19

Patnubay para sa mga Taong Interesado sa mga Pagsubok sa Klinikal na Paggamot/Bakuna

Habang nagbabago ang pandemyang COVID-19, may patuloy na pangangailangan para sa tuloy-tuloy na klinikal na pag-aaral upang matukoy ang epektibong paggamot at upang higit pang pag-aralan ang mga pagpapabakuna. Ang mga bakuna at paggamot ay sinusuri sa mga kontroladong klinikal na pagsubok upang tukuyin kung sila ay epektibo at upang matiyak na wala silang mga masasamang epekto. Maaaring narinig mo na ang tungkol sa klinikal na pagsubok o naimbitahan ka na ng isang klinika o doktor para lumahok. Nagbibigay ang dokumentong ito ng patnubay sa ilang mga katanungan at isang balangkas para tulungan kang magdesisyon kung ang pakikilahok sa isang klinikal na pagsubok ay tama para sa iyo.

Ang mga mananaliksik (researchers) para sa mga klinikal na pagsubok ay nakikipag-usap (reach out) sa iba-ibang mga komunidad sa buong lalawigan (County) dahil mahalaga na ang bakuna at pagsasaliksik sa gamot ay kabilangan ng mga tao mula sa iba't ibang klase ng pagkatao (background) para suriin kung ang mga bagong paggamot o bakuna ay gagana para sa lahat at para bigyan ng pagkakataon ang lahat ng mga karapat-dapat na lumahok sa pagsubok kung kanilang pipiliin.

Ang Kagawaran ng Pamublikong Kalusugay ay maaaring, sa pana-panahon, na magbahagi ng mga listahan ng mga pag-aaral sa pagsasaliksik sa COVID-19 na sinusupportahan ng pederal na gobyerno, ngunit wala alinman sa Kagawaran ng Pamublikong Kalusugan o County ang mag-eendorso o magrerekomenda ng anumang partikular na klinikal na pagsubok.

Ang pagpili para lumahok ay ipinapaubaya sa bawat indibidwal para makapagpasya at ito ay ganap na kusang-loob.

Tandaan na palaging nasa sa iyo ang lahat kung makikilahok sa isang klinikal na pagsubok o anumang iba pang uri ng pagsasaliksik sa kalusugan. Magbibigay sa iyo ang mga mananaliksik ng maraming partikular na impormasyon tungkol sa pag-aaral at pagkatapos ay hihilingin sa iyo na magbigay ka ng iyong nakasulat na pahintulot bago ka magsimula. Hindi kailangang magawa ng mabilis ang iyong pasya. Maaari mong tanungin ang mga mananaliksik para sa karagdagang impormasyon o, kung kakailanganin mo ang marami pang oras para magdesisyon, sabihin ito nang simple sa kanila.

Maging alisto sa mga posibleng panloloko. Hindi ka dapat sabihan ng mga kawani sa klinikal na pagsasaliksik na magbayad upang makalahok sa pagsasaliksik o hindi ka dapat tanungin ng pribadong impormasyon tulad ng iyong social security number, account sa bangko o mga numero ng credit card, o kalagayan sa imigrasyon.

Habang iyong isinasaalang-alang kung makikilahok, baka gusto mong komunsulta sa iyong tagabigay ng pangangalaga sa kalusugan (healthcare provider) o sinuman na iyong pinagkakatiwalaan para sa payo bago mo gawin ang iyong desisyon.

Ang sumusunod ay ang ilang mga katanungan na maaaring gusto mong itanong bago magdesisyon na lumahok sa isang pagsubok sa klinikal na gamot o bakuna.

- **Anong uring bakuna o paggamot ang sinusuri? Ano ang nilalayan nitong gamutin o pigilan?**
Napakaraming iba't ibang mga paggamot at bakuna ang sinusuri ngayon para sa coronavirus.
- **Sa anong yugto ng mga klinikal na pagsubok ang paggamot o bakuna?**
Ang mga klinikal na pagsubok ay isang klinikal na pagsasaliksik na ginagamit para suriin ang mga paggambala tulad ng mga gamot o bakuna. Ang mga klinikal na pagsubok ay madalas na isinasagawa sa apat na yugto. Ang mga pagsubok sa bawat yugto ay may magkakaibang layunin at tumutulong sa mga siyentipiko na sagutin ang iba't ibang mga katanungan. Sumangguni sa website ng Food and Drug Administration (FDA) para sa higit pang impormasyon sa [klinikal na pagsasaliksik](#).

COVID-19

Patnubay para sa mga Taong Interesado sa mga Pagsubok sa Klinikal na Paggamot/Bakuna

- Sa panahon ng Ika-1 Yugto (Phase 1) ng mga klinikal na pagsubok, ang maliit na bilang ng mga kalahok ay ginagamit. Ang mga pagsubok na ito ay karaniwang ang unang pagkakataon na ang paggamot o bakuna ay nasubok sa mga tao. Ang mga pagsubok sa yugtong ito ay ginagamit upang subukan ang pangkalahatang kaligtasan at upang matukoy ang pinakaligtas na dosis ng paggamot o bakuna.
 - Sa panahon ng Ika-2 Yugto (Phase 2) ng mga klinikal na pagsubok, ang eksperimento sa paggamot o bakuna ay sinusubukan sa isang mas malaking grupo ng mga tao (hanggang sa ilang daan), para makita kung ito ay epektibo at para patuloy na subukan ang kaligtasan nito.
 - Sa panahon ng Ika-3 Yugto (Phase 3) ng mga klinikal na pagsubok, ang eksperimento ng paggamot o bakuna ay sinusubukan sa isang mas malalaking grupo ng mga tao at ang mga pagsubok na ito ay ang karaniwang ginagamit ng mga ahensya tulad ng FDA para matukoy kung ang isang gamot ay dapat na aprubahan para gamitin. Ang mga pagsubok na ito ay nagbibigay ng mas maraming impormasyon sa pagiging epektibo ng gamot, subaybayan ang mga epekto at ikinukumpara ito sa iba pang mga karaniwang ginagamit na paggamot.
 - Ang Ika-4 na Yugto (Phase 4) na mga pagsubok ay tinatawag ring post-marketing na pagsasaliksik na nangangahulugan na ito ay tapos na pagkatapos na matanggap ang pag-apruba ng FDA para sa paggamit. Ang mga pag-aaral na ginagawa sa yugtong ito ay tumutulong na suriin ang mga pangmatagalang panganib at benepisyo ng paggamot o bakuna. Maaari ring matukoy ng yugtong ito ang higit pa tungkol sa mga epekto, interaksyon sa iba pang mga gamot, at kung gaano ito kahusay na gumagana kapag ito ay mas malawak na ginagamit.
- **Paano gagana ang klinikal na pagsubok?**

Maaari kang humingi ng mas marami pang impormasyon sa mga detalye ng pag-aaral. Halimbawa, isang walang pinipili (randomized) na kontroladong pagsubok ay kung saan ang isa o higit pang mga grupo ng tao ay binibigyan ng paggamot o bakuna at ang isang grupo ng tao ay binibigyan ng tinatawag na isang plasebo (placebo), o isang bagay na mukhang gamot o bakuna ngunit walang anumang mga epekto. Pinakamadulas, ang mga kalahok ay itinatalaga ng hindi pinipili (random) para tumanggap ng alinman sa aktibong gamot o bakuna o ang plasebo, nang sa gayon ang dalawang grupo ay magkatulad hangga't maaari. Wala alinman sa kalahok o mananaliksik ang makakaalam kung ang kalahok ay tumatanggap ng isang plasebo o ang aktuwal na paggamot. Sa ganoong paraan, ang mga resulta ay walang kinikilingan sa kung ano ang inaasam o inaasahan na makita, at ang pag-aaral ay makapagsasabi kung ang paggamot o bakuna ay tunay na epektibo. Maaari mong siguraduhin na naiintindihan mo kung paano ang mga tao ay itinatalaga sa magkakaibang grupo sa pag-aaral at kung ano ang eksaktong ibinibigay sa mga kalahok sa magkakaibang grupo.
 - **Nasuri na ba ang kaligtasan ng bakuna o paggamot?**

Kung gayon, gugustuhin mong malaman kung ang bakuna o paggamot ay dumaan na sa nakaraang yugto ng pagsubok na nasuri ang kaligtasan nito. Alamin kung ano, kung mayroon man, ang mga epekto na nakilala sa mga naunang mga yugto ng pag-aaral. Kung hindi, dapat mong isaalang-alang kung nanaisin mong makibahagi sa pagtutukoy ng kaligtasan at mga epekto ng mga bakuna o paggamot o maghihintay hanggang sa masuri ang mga ito.
 - **Gaano katagal aabutin ang pag-aaral at gaano karaming oras ang pagtagal nito?**

Suriin para makita kung iyong maisisingit ang pagsubok sa iyong iskedyul. Ang isang pagsubok ay maaaring abutin ng maikling panahon o mahabang panahon at kokonsumo ng iba-ibang dami ng iyong oras kada linggo o buwan.
 - **Ano ang dapat kong gawin?**

Maaaring hilingin sa iyo na gumawa ng magkakaibang mga bagay sa panahon ng pagsubok, at mahalaga para sa iyo na malaman ito nang mas maaga.

COVID-19

Patnubay para sa mga Taong Interesado sa mga Pagsubok sa Klinikal na Paggamot/Bakuna

- **Bakit ako tinanong?**
Maaaring nagtataka ka kung bakit partikular ka nilang pinili. Ito ay mahalaga para sa maraming iba't ibang mga uri ng tao na maisama sa mga pagsubok.
- **Mababayaran ba ako sa pakikilahok?**
Alamin kung mabibigyan ka ng isang insentibo tulad ng isang regalang tarheta [gift card] o resibo na magagasta [voucher] para makilahok sa isang pagsubok at/o maisasauli sa iyo ang anumang mga gastusin tulad ng bayad sa pagpaparada.
- **Ano ang mga panganib sa akin?**
Bagaman ang mga klinikal na pagsubok ay dapat na idisenyo na maging ligtas hangga't maaari, palaging nariyan ang posibilidad o panganib ng hindi inaasahang epekto (side effect) o masamang reaksyon. Mahalagang kumpirmahin mo na ang pamantayang kaligtasan ng gamot o bakuna ay nasuri na sa nakaraan at kung ang mga epekto o reaksyon ay naganap.
- **Kung may isang bagay na hindi inaasahan na mangyayari sa akin, paano ako makakakuha ng pangangalagang pangkalusugan para rito? Pupunta ba ako sa parehong klinika o doktor na karaniwang pinupuntahan ko?**
May karapatan kang malaman kung paano ka makakakuha ng pangangalaga kung kailangan mo ito dahil sa isang bagay na nangyari sa pagsubok.
- **Ano ang mga benepisyo sa akin?**
Paminsan-minsan may mga benepisyo sa iyo nang personal para sa pakikilahok sa isang pag-aaral, tulad ng karagdagang pangangalaga o mga pagsusuri na karaniwang hindi nakukuha, at minsan ang benepisyo ay ang simpleng pagtulong sa paghanap ng mga epektibong paggamot o bakuna para sa pandemyang ito. May mga pangkalahatang benepisyo sa mga tao sa Los Angeles sa pangkabuuan kapag ang mga epektibong paggamot o bakuna ay natutuklasan.
- **Ano ang mangyayari kung pipiliin kong hindi lumahok o huminto ako sa pagsubok? Mawawalan ba ako ng pangangalagang pangkalusugan (healthcare) o iba pang mga benepisyo?**
Ang desisyon mong lumahok sa isang klinikal na pagsubok ay nasa sa iyo. Hindi dapat mawala sa iyo ang anumang mga benepisyo gaya ng Medi-Cal/Medicare/seguro sa kalusugan na iyo nang tinatanggap o magkaproblema sa anumang paraan kung pipiliin mong hindi lumahok o kung hihinto ka sa anumang oras.

Tandaan – ang mga ito ay mga mungkahi lamang!

Maaaring may mas marami ka pang mga katanungan na gusto mong tanungin sa tagapag-ugnay ng pag-aaral (study coordinator). Hindi ka dapat makaramdam ng pamimilit para lumahok sa anumang pag-aaral hanggang ang lahat ng iyong mga katanungan ay nasagot na. Hindi ka maaaring ibilang ng mga mananaliksik sa isang pag-aaral hanggang hindi nila nasisigurado na sila ay mayroon ng iyong may kaalamang pahintulot na nangangahulugan na kanilang narepaso na ang pag-aaral o pagsubok sa iyo, kabilang ang mga panganib at benepisyo ng pakikilahok, at natiyak na ganap mong naiintindihan ang medikal na impormasyon na ibinahagi sa iyo. Kinakailangan rin nilang ipaliwanag na ang desisyon na lumahok ay ganap na boluntaryo.

Maging alisto sa mga posibleng panloloko. Ang mga mananaliksik (researchers) ay hindi dapat nagsasabi sa iyo na ikaw ay magbayad upang lumahok sa pananaliksik o hindi dapat na magtanong para sa pribadong impormasyon tulad ng iyong social security number, mga numero ng bank account o kalagayan sa imigrasyon.